
# Ang Salaysay ni Amanda Smith sa Hawn's Mill



Noong Oktubre 30, 1838, sinalakay ng mga mandurumog ng Missouri ang isang pamayanan ng Banal sa mga Huling Araw na kilala bilang Hawn's Mill. Binaril ng mga mandurumog ang mga lalaki at batang lalaki na pumasok sa isang pandayan upang maghanap ng kanlungan at ipagtanggol ang kanilang mga tao. Labimpitong Banal sa mga Huling Araw ang napatay sa pagsalakay, at mahigit isang dosena ang sugatan.

Kabilang sa nasugatan ang anim na taong gulang na si Alma Smith, na nawalan ng buong balakang matapos siyang mabaril. Labis na nag-aalala ang ina ni Alma na si Amanda Barnes Smith nang matagpuan niya ito. Nagdalamhati rin siya para sa kanyang asawa at sa kanyang 10 taong gulang na anak na lalaki, na kapwa napatay sa pagsalakay.

Dahil walang makatulong sa kanya, tinipon ni Amanda ang kanyang natitirang mga anak at nanalangin para sa patnubay. "O aking Ama sa Langit,' pagsusumamo niya, "Nakikita po Ninyo ang aking kawawa at sugatang anak at nalalaman ang kawalan ko ng karanasan. O, Ama sa Langit, patnubayan po Ninyo ako sa kung ano ang aking gagawin."

Nang matapos ni Amanda ang kanyang panalangin, narinig niya ang isang tinig na nag-uutos sa kanya na maghalo ng mga abo sa tubig. Ginamit niya ang pinaghalong tubig at abo para hugasan ang sugat ni Alma hanggang sa maging malinis ito. Pagkatapos, naisipan ni Amanda na kumuha ng mga ugat sa isang elm tree at dinikdik niya ang mga ito para maging sapal. Inilagay niya ang sapal sa sugat ni Alma at binalot ito ng tela. "Ngayon humiga ka nang ganyan, at huwag gumalaw," sinabi niya sa kanyang anak, "at igagawa ka ng Panginoon ng isa pang balakang."

Dahil sa sugat ni Alma, hindi makalikas si Amanda at ang kanyang pamilya matapos ang pagsalakay. Sa paglipas ng mga linggo, nagtakda ang mga mandurumog ng huling araw ng pag-alis niya at ng iba pang mga natitirang Banal. Tumindi ang takot ni Amanda habang papalapit ang itinakdang araw na iyon. Nagtago siya sa isang bungkos ng mga tangkay ng mais para makapagdasal siya nang malakas para walang makarinig. Pagkatapos ay narinig niya ang isang tinig na umulit ng mga salitang ito:

*Ang kaluluwang kay Jesus nagtiwala,*

*Kahit kailanman ay 'di ko itatatwa;*

*Pilitin mang s'ya'y yanigin ng kadiliman,*

*'Di magagawang talikuran kailanman!*

Ang mga salitang ito mula sa himnong "Saligang Kaytibay" (*Mga Himno*, blg. 47) ay tumulong kay Amanda na makadama ng panibagong lakas at tapang.

Hindi nagtagal, nasa labas si Amanda nang marinig niyang nagsigawan ang kanyang mga anak sa loob ng kanilang bahay. Nagmadali siyang pumunta sa bahay at nakita si Alma na tumatakbo sa loob ng silid. "Magaling na ako, Inay, magaling na ako!" sigaw niya. Hindi nagtagal ay nilisan ni Amanda at ng kanyang mga anak ang Hawn's Mill.

(Sinipi at ibinuod mula sa *Mga Banal*, 1:397–401, 404–406, 433–35)

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2024 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. PD80007812_893_413-1